



Walang Kapantay na Kagandahang-loob

(Pambungad na Panalangin, sa pinakahuling pahina)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (1 H 17:10-16)

Si Elias at ang babaeng bala

¹⁰NOONG mga araw na iyon, si propeta Elias ay pumunta sa Sarepta, at nang papasok na siya sa pintuan ng lungsod, nakita niya ang bala na namumulot ng panggatong. Sinabi niya sa babae: “Maaari po bang makiinom?”
¹¹Aalis na ang babae upang ikuha siya ng tubig nang pahabol niyang sabihin: “Kung maaari, bigyan mo na rin ako ng kaunting pagkain.”

Naghahanda na sa kamatayan ang bala

¹²Sumagot ang babae: “Alam po ng Panginoon na iyong Diyos na wala na kaming tinapay. Mayroon po kaming kaunting harina at kapatak na langis. Namumulot nga ako ng maigagatong upang lutuin iyon at makakain man lamang kami ng anak ko bago kami mamatay.”

Ang pangako ni Elias

¹³Sinabi sa kanya ni Elias: “Huwag kang mag-alala. Humayo ka at gawin mo ang iyong sinabi. Ngunit ipagluto mo muna ako ng isang munting tinapay, at pagkatapos magluto ka ng para sa inyo.

Ang (kagandahang-loob) tulong ng Diyos



¹⁴Sapagkat ganito ang sabi ng Panginoon, Diyos ng Israel: “Hindi ninyo mauubos ang harina sa lalagyan at hindi rin matutuyo yaong langis sa tapayan hanggang hindi sumasapit ang talagang takdang araw na ang ula’y marapating papatakin ng Maykapal.”

Sumunod ang bala at hindi sila namatay sa gutom

¹⁵Ginawa nga ng babae ang utos ni Elias at sila’y kumain—si Elias at silang mag-ina.
¹⁶At hindi nga naubos ang harina sa lalagyan, at hindi natuyo ang langis sa sisidlan, tulad ng pangako ng Panginoon sa pamamagitan ni Elias.

Tema: **Ang Kagandahang-loob ng Bala at ng Diyos**

PAGPAPALIWANAG

- May dalawang karakter sa kuwentong ito: si Elias at ang babaeng bala (walang pangalan).
- Sa bb.10-11, nagpakita si Elias ng lakas ng

loob nang kanyang utusan ang balo na bigyan siya ng maiinom at makakain na tila baga'y alipin niya ang babae.

- Sa b.12, hindi tinanggihan ng balo si Elias ngunit sinabi nitong paubos na ang makakain. Matapos kumain, handa na silang mamatay ng kanyang anak.
- Wala nang makain sa buong lupain, laganap na ang pagkagutom.
- Sa b.13, tila hindi binibigyang halaga ni Elias ang kasalatan sa paligid at ipinipilit niyang siya ang dapat unahin.
- Inilalahad sa b.14 kung bakit tila walang pakialam si Elias sa kagutumang laganap sa lupain: sapagkat nakatanggap siya ng pagbubunyag galing sa Diyos.
- Sa b.15, sumunod ang balo at nanalig sa sinabi ni Elias.
- Ipinakita sa b.16 ang katuparan ng sinabi ni Elias.
- Kampante si Elias at gagap niya ang sitwasyon sapagkat nasa sa kanya ang Salita ng Diyos.
- Buong pagtitiwalang sumunod ang babae sa sinabi ni Elias.
- Upang mas maunawaan ang kuwentong ito, simulan itong basahin sa 1 Hari 17:1.

PAGNINILAY

Isa sa pinakamadalas na tagpuan sa mga kuwento sa Lumang Tipan ay ang taggutom o tagsalat. Dito mas naipapakita at naipaparamdam ng Diyos ang kanyang kapangyarihan at kagandahang-loob at ang pagbabagong loob ng mga tao.

Sa kuwentong ito, si Elias ay apektado rin ng laganap na kagutuman kaya't kinakailangan niyang humanap ng paraan upang makaligtas; hinatid naman siya ng Diyos sa balo ng Sarepta.

Handa ng mamamatay ang balo. Sa katunayan, naghahanda na lang siya ng huling

makakain nilang mag-ina bago ang napipintong kamatayan. Wala na siyang pakialam kung sino man ang kanyang kausap ngunit sumunod pa rin siya kay Elias magkagayunpaman.

Sa panahon ng matinding pangangailangan, kailangan din nating maging bukás sa mga posibilidad at hayaan ang Diyos na gumalaw sapagkat siya ay mapagmalasakit at matulungin.

SALMONG TUGUNAN (Slm 145)

KALUL'WA KO, 'YONG PURIHIN ANG PANGINOONG BUTIHIN.

IKALAWANG PAGBASA (Heb 9:24-28)

PUMASOK si Kristo, hindi sa isang Dakong Banal na ginawa ng tao at larawan lamang ng tunay, kundi sa langit. At ngayo'y nasa harapan siya ng Diyos at namamagitan para sa atin. Ang dakilang saserdote ng mga Judio ay pumapasok sa Dakong Banal tauntaon, may dalang dugo ng mga hayop. Ngunit minsan lamang pumasok si Kristo upang ihandog ang kanyang sarili, at iyo'y sapat na. Kung di gayon, kailangan sanang siya'y paulit-ulit na mamatay mula pa nang matatag ang sanlibutan. Subalit minsan lamang siya napa-kita, ngayong magtatapos na ang mga panahon, upang pawiin ang kasalanan sa pamamagitan ng haing kanyang inihandog. Itinakda sa mga tao na minsan lamang mamatay at pagkatapos ay ang paghuhukom. Gayun din naman, si Kristo'y minsang inihandog bilang hain upang pawiin ang mga kasalanan ng mga tao. Siya'y muling darating, hindi upang ihandog na muli dahil sa kasalanan kundi upang ilitas ang mga naghihintay sa kanya.

Tema: **Ang 'Di na Mauulit na Pag-aalay ni Kristo bilang Dakilang Saserdote**

PAGPAPALIWANAG

- Ipinaliliwanag ng pagbasa ang misteryo ng pagkapari ni Kristo: ang paring ito, ang

dakilang saserdote, ay ‘di sa Templo ng Jerusalem matatagpuan kundi sa kalangitan.

- Ipinahahayag ng b.24 na ang Dakong Banal kung saan siya’y matatagpuan ay ‘di gawa ng tao tulad ng templo ng Lumang Tipan.
- Ayon sa b.24, naghandog si Kristo upang pawiin ang ating mga kasalanan (siya’y ating tagapamagitan).
- Hindi paulit-ulit ang paghahandog na ito ni Kristo (b.25), ‘di tulad ng sa mga saserdote ng Lumang Tipan na taun-taong naghahandog sa Dakong Banal ng Templo (b.26a).
- Minsan lamang napakita si Kristo at naghandog ng kanyang sarili at iyo’y sapat na upang pawiin ang pagkakasala ng sanlibutan (b.26b).
- Nililina ng b.27 ang “kasapatan ng minsan” na ito sa pamamagitan ng ating kamatayan: minsan lang tayo mamamatay, ‘di na ito mauulit pa.
- Pinalalawig ng b.28 ang pagpapaliwanag na ito ngunit mayorong bagong idinagdag: ang ikalawang pagpapakita, ang pagbabalik ni Kristo, ‘di upang mamatay muli kundi upang iligtas ang mga naghahintay sa kanya.

PAGNINILAY

Ang mga gawain ni Kristo bilang dakilang saserdote ay may bisà at mabisà.

Ang kanyang pagkapari ay ‘di maaring kopyahin ninuman. Ito’y para lamang kay Kristo; ito ang dahilan kung bakit bukod-tangi ang kanyang pagkadakilang saserdote.

Maaaring matanong ng ilan: Kung gayon bakit pa paulit-ulit na nagmimisa ang mga pari? Ano ang silbi nito kung niligtas na tayo ni Kristo at ito’y sapat na? (Magsaliksik).

MABUTING BALITA (Mc 12:38-44)

Ang mga Manggagamit na Eskriba (Walang kagandahang-loob)

³⁸NOONG panahong iyon, sinabi ni Hesus sa kanyang pagtuturo, “Mag-ingat kayo sa mga eskriba na mahilig maglalakad nang may mahabang kasuotan at natutuwang pagpugayan sa mga liwasan. ³⁹Ang ibig nila’y ang mga tanging luklukan sa mga sinagoga, at ang mga upuang pandagal sa mga piging. ⁴⁰Inuubos nila ang kabuhayan ng mga babaing balo, at ang sinasangkala’y ang pagdarasal nang mahaba! Lalo pang bibigat ang parusa sa kanila!”

Ang Balong Mapagbigay

⁴¹Umupo si Hesus sa tapat ng hulugan ng mga kaloob doon sa templo, at pinagmasdan ang mga taong naghuhulog ng salapi. Maraming mayayamang naghulog ng malalaking halaga. ⁴²Lumapit naman ang isang babaing balo at naghulog ng dalawang kusing na katumbas ng isang pera. ⁴³Tinawag ni Hesus ang kanyang mga alagad at kanyang sinabi, “Sinasabi ko sa inyo: ang dukhang balong iyon ay naghulog nang higit sa kanilang lahat. ⁴⁴Sapagkat ang iba’y nagkaloob ng bahagi lamang ng hindi na nila kailangan, ngunit ibinigay ng balong ito na dukhang-dukha ang buo niyang ikabubuhay.”

Tema: **Kagandahang-loob**

PAGPAPALIWANAG

- Isinasalaysay ng bb.38-40 ang mga ‘di kanaisnais na mga gawi ng mga eskriba: pagsusuot ng magarbong kasuotan, katuwaan sa pagpupugay ng mga tao sa mga liwasan, pag-ibig sa mga tanging luklukan, at pag-ubos sa kabuhayan ng mga babaing balo.
- Ang magiging parusa sa kanilang pamumuhay ay napakalupit (b.40b).
- Pinaghahambing ng bb.41-44 ang mga mayayaman at ang maralitang balo.
- Ang nagbigay ng malaking halaga ang mga mayayaman samantalang dalawang kusing

lamang ang nai-alay ng balo; sa wikang Latin, *quadrans* (b.41b at b.42).

- Para kay Hesus, ang balo ang nagbigay ng pinakamalaking halaga sapagkat ibinigay niya ang lahat ng mayroon siya; nalampasan niya ang lahat sa kagandahang-loob.

ANG AKING PAGNINILAY

Tinatawagan tayo ng Ebanghelyo sa kagandahang-loob.

Ang isang Kristiyano ay 'di dapat umastang tulad ng mga eskriba sa Ebanghelyo: ang ibig nila'y salapi, sariling interes, at pagkilala ng madla. Ang mga maralita ang kanilang mga biktima sa kanilang pamumuhay.

Nalalaman ng Diyos ang kagandahan ng ating puso. Alam niya kung saan nagmumula ang ating pagbibigay (mula ba ito sa ating kayamanan o sa ating kahirapan).

May kadakilaan sa pagbibigay. Sa pagbibigay, hinahayaan mong mawalan ka ng isang bagay upang maibigay ito sa ibang mas nangangailangan. Ang kagandahang-loob ay lagi nakatuon sa kapwa; ito'y 'di nag-iisip ng sariling interes.

Hindi tayo dapat magbigay sapagkat may hinihintay tayong kapalit. Ang taong may kagandahang-loob ay hindi nag-iisip ng ganito.

Kailangan nating iwasang magbigay kung naghihintay naman tayo ng kapalit.

II. PAG-UUGNAY

Anu-ano ang iba't ibang mga dinidiin ng mga Pagbasa:

Nakatuon ang Unang Pagbasa sa

Kung nais po ninyong makatulong sa ating *Biblical Apostolate*, maari pong magdonate ng *legal size na bond paper* sa:

ST PAULS Ads and Promo Office c/o **Rizaldy Cruz**
7708 ST PAUL Road, San Antonio Village, Makati City
Tels: 895-37-16; 890-7130

kahalagahan ng Karunungan, at ang pagsisikap na makamtan ito ay importante. Ang taong may Karunungan ay naniniwala na ang Salita ng Diyos ay nanirahan kasama natin kaya dapat isapuso natin ito (Ikalawang Pagbasa). Ang Salita na itinaturo ni Hesus at isinabuhay natin ay ang pinakamahalaga sa lahat. Kailangan na ito ang numero uno sa ating buhay, ang pinakaprioridad sa lahat. Kung ito ay mangyayari, ang lahat ay ibibigay sa atin, mapapabilang tayo sa Kaharian ng Diyos.

III. SALAMIN NG BUHAY

1. Malakas pa rin ba ang Pondo ng Pinoy sa inyong parokya?

- **Pagpapaliwanag: Fr. Cielo Almazan, OFM**
- Isinalin ni Cl. Jhon Fred Caranzo, SSP

(Pangwakas na Panalangin)

PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinasasalamatang dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maalala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin.
Luwalhati... (mula sa *Prayers of the Pauline Family*)